# Hindi makakapunta sa lugar ng botohan?

## Bumoto sa Pangkalahatang Halalan 2023

Maaari kang bumoto sa Pangkalahatang Halalan 2023 mula Lunes, ika-2 ng Oktubre, hanggang 7pm sa araw ng halalan, Sabado, ika-14 ng Oktubre. Tingnan ang **vote.nz** para sa mga oras ng pagbubukas at mga lokasyon ng lugar ng botohan bago ka pumunta.

Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan, maaari ka pa ring bumoto.



**Available ang higit na impormasyon sa:**

- Bisitahin ang **vote.nz**
- Tumawag sa **0800 36 76 56**

## Complete this form to authorise someone to collect voting papers on your behalf

**Voter's details. Please print clearly.**

My first name(s) are:

My last name is:

My contact telephone number is:

OFFICIAL USE ONLY:
Index reference

Address where I am enrolled to vote:

✓ Tick the electoral roll you believe you are enrolled on:

☐ General roll ☐ Māori roll

Available ang impormasyon tungkol sa kung saan at kailan boboto sa **vote.nz** o sa pamamagitan ng pagtawag sa **0800 36 76 56**. Ilalakip din ito sa mga EasyVote pack na ipapadala sa mga nakatalang botante sa mail.

Maaari kang bumoto mula Lunes, ika-2 ng Oktubre, hanggang 7pm sa araw ng halalan, Sabado, ika-14 ng Oktubre sa mga lugar ng botohan. Tingnan ang **vote.nz** para sa mga oras ng pagbubukas at mga lokasyon ng lugar ng botohan bago ka pumunta. Bukas ang mga lugar ng botohan sa araw ng halalan, Sabado, ika-14 ng Oktubre, mula 9am hanggang 7pm.

## May trabaho sa araw ng halalan?

Legal kang pinahihintulutan na hindi pumasok sa trabaho upang pumunta at bumoto sa araw ng halalan. Maaari ka ring bumoto nang maaga sa alinmang lugar ng botohan mula Lunes, ika-2 ng Oktubre.

## Maaari ka pa ring bumoto kung nasa bahay kalinga ka

Kung nasa bahay kalinga ka, hindi mo na kailangang makipag-ugnayan sa amin. Tatawagan ng iyong lokal na Electorate Manager ang manager ng iyong bahay kalinga upang magpaiskedyul ng mga serbisyo sa pagboto.

## Maaari ka pa ring bumoto kung nasa ospital ka

Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan dahil nasa ospital ka, mula Lunes, ika-2 ng Oktubre, maaaring dalhin sa iyo ng iyong kaibigan o kapamilya ang iyong mga papel sa pagboto. Kung naka-iskedyul kang pumunta sa ospital bago ang araw ng halalan, mas makabubuting bumoto nang maaga kung maaari, mula Lunes, ika-2 ng Oktubre. Tawagan kami sa **0800 36 76 56** para sa higit na impormasyon.

## Ang iyong mga pagpipilian kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan

Nagbibigay kami ng mga serbisyo sa pagboto para sa mga taong hindi makakapunta sa lugar ng botohan. Kung hindi ka makakaboto nang personal, halimbawa, dahil sa hindi mabuting kalusugan o nahihirapang kumilos, maaari kang humingi ng tulong sa isang tao na dalhin sa iyo ang mga papel sa pagboto o mag-apply na ipadala sa iyo ang mga papel sa pagboto.

## Humingi ng tulong sa isang tao na kolektahin ang iyong mga papel sa pagboto

Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan, sagutan at lagdaan ang kalakip na form at humingi ng tulong sa isang tao na dalhin ito sa lugar ng botohan para sa iyo. Pagkatapos ay ibabalik nila sa iyo ang iyong mga papel sa pagboto para sagutan.

Kung walang maaaring kumolekta ng mga papel sa pagboto para sa iyo, maaari naming ihatid ang mga iyon sa iyo. Mangyaring tawagan kami sa **0800 36 76 56**.

## Paano mo ibabalik ang iyong mga papel sa pagboto

Maaari kang:

Humingi ng tulong sa isang tao na dalhin ang iyong mga sinagutang papel sa pagboto sa lugar ng botohan bago ang 7pm, Sabado, ika-14 ng Oktubre.

Kung mayroon kang return courier pack, sundin ang mga tagubilin sa pack upang magpaiskedyul ng courier pickup, o kung hindi man ay tawagan kami sa **0800 36 76 56** kung kailangan mo ng tulong.

## Give my voting papers to the person I have authorised

**The name of the person I have authorised to collect and deliver my voting papers to me is:**

☐ **I have been authorised to collect and deliver voting papers to the voter named on this form.**

| Signature of authorised person | Date |
|---|---|
| | |

| Signature of voter | Date |
|---|---|
| | |

**Note: this application must be signed for it to be valid**

ELECTORAL COMMISSION
TE KAITIAKI TAKE KŌWHIRI